**LESSON 4: SINO SI HESUS?**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga tanong:**

1. Ano ang ibig sabihin ng pagsisis?
2. Kamusta na ang pagbabahagi mo ng Gospel tracts? Ng Lesson 1-3?
3. Ano ang pinakamabigat mong pagsubok sa ngayon? At ano ang ginagawa mo para ito masolusyonan?
4. Ano ang pagkakilala mo kay Hesus?

**Bigkasin ang Memory Verse.**

**TALAKAYAN:**

Maraming naniniwala na si Hesus ay isang mabuting tao lamang. Hindi siya ang Mesias o Cristo at lalo't hindi Panginoon at Diyos na dapat sambahin. Totoo bai to? Si Hesus ba ay hindi Diyos at tao lamang? Pag-aralan natin.

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Juan 14:6 ASND**
   Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakarating sa Ama kung hindi sa pamamagitan ko.

2. **Gawa 2:36 ASND**
   Kaya dapat talagang malaman ng lahat ng Israelita na itong si Jesus na ipinapako n'yo sa krus ang siyang pinili ng Dios na maging Panginoon at Cristo.”

3. **Juan 1:1-3 ASND**
   Nang pasimula, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Dios at ang Salita ay Dios. Sa simula pa'y kasama na siya ng Dios. Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.

4. **Juan 1:14 ASND**
   Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.

5. **Juan 10:30 ASND**
   Ako at ang Ama ay iisa.

6. **Tito 2:13 ASND**
   habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

7. **1 Juan 5:20 ASND**
   Alam din nating ang Anak ng Dios ay naparito sa mundo, at binigyan niya tayo ng pang-unawa upang makilala natin ang tunay na Dios. At tayo nga ay nasa tunay na Dios sa pamamagitan ng kanyang anak na si Jesu-Cristo. Siya ang tunay na Dios, at ang buhay na walang hanggan.

8. **Hebreo 1:8 ASND**
   Ngunit ito naman ang sinabi ng Dios tungkol sa kanyang Anak:
   "O Dios, ang kaharian mo ay magpakailanman at ang paghahari mo'y makatuwiran.

9. **Colosas 2:9 ASND**
   Kaya huwag kayong padadala, dahil ang kapuspusan ng Dios ay nananahan sa katawan ni Cristo.

10. **Filipos 2:5-7 ASND**
    Dapat maging katulad ng kay Cristo Jesus ang pananaw n'yo: Kahit na nasa kanya ang katangian ng Dios, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Dios bilang isang bagay na dapat panghawakan. Sa halip, ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin. Naging tao siyang tulad natin.

11. **Juan 1:18 ASND**
    Wala pang nakakita sa Dios Ama kahit kailan, ngunit ipinakilala siya sa atin ng kanyang Bugtong na Anak, na Dios din nga at kapiling ng Ama.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Si Hesus ay ating Panginoon, Tagapagligtas at Diyos.
2. Si Hesus ay Tao at Diyos. Dalawa ang Kanyang kalikasan. Siya ay Diyos na nagkatawang tao.
3. Malaking kasalanan kung hind imo kikilalanin na Diyos si Hesukristo. Ito ay pamumusong o blasphemy.
4. Iisa lamang ang Tagapagligtas, walang iba kundi si Hesus.
5. Nararapat lamang na Diyos si Hesus bilang isang tagapagligtas, dahil hindi tayo maililigtas ng isang tao lamang, kailangan natin ng isang tagapagligtas na walang bahid ng kasalanan, at si Kristo lamang ang nakatugon sa ganyang batayan ng kapasyahan (criteria).

**MEMORY VERSE:** Juan 14:6 / Tito 2:13

**TAKDANG ARALIN:**

a. Magsulat ng 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo na nais mong ibahagi ang Kaligtasan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.

b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magpamigay ng 20-30 Gospel tracts (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Siguraduhin na may 3 disipulo o higit pa na mababahaginan ng mga Lessons.
e. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Marcos 16:15-20)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.